REPUBLIKA NG PILIPINAS
**PAMAHALAANG LUNGSOD NG MUNTINLUPA**
**KALAKHANG MAYNILA**

**Sangguniang Panglungsod**

**KAPASIYAHANG PANGLUNGSOD BILANG 97-14**

**KAPASIYAHAN NA NAGBIBIGAY NG KAPANGYARIHAN SA PUNONGLUNGSOD, KGG. IGNACIO R. BUNYE NA KUMATAWAN SA PAMAHALAANG LUNGSOD SA PAGPASOK SA KASUNDUAN (NEGOTIATED CONTRACT) SA PAGPAPATULOY NG KONSTRUKSIYON NG LIMANDAANG (500) NITSO PARA SA MATANDA AT PITUMPU'T ANIM (76) PARA SA BATA SA PAMPUBLIKONG LIBINGAN NG PAMAHALAANG LUNGSOD.**

**********************************************************************************

Nagpanukala : **KGG. ROMAN E. NIEFES**
**KGG. PATRICIO L. BONCAYAO, JR.**

**********************************************************************************

**SAPAGKAT,** isa sa mga pangunahing programa ng Pamahalaang Lungsod ng Muntinlupa ay mabigyan ng maayos na libing/libingan ang mga namamatay na maralitang mamamayan ng Muntinlupa;

**SAPAGKAT,** noong nakalipas na taon, ang Pamahalaang Lungsod ay pinahintulutan ang pagpapagawa ng may dalawang libong (2,000) nitso sa Pampublikong libingan subalit mayroon lamang tatlong daan at siyamnapu't-anim (396) ang naipagawa;

**SAPAGKAT,** simula pa noong Nobyembre 1996, ang tatlong daan at siyamnapu't-anim (396) na nitsong naipagawa ay kinulang sa mga namatay nating kababayan

**SAPAGKAT,** ang madaliang pagpapagawa at pagpapatuloy ng nabinbing proyekto ay kailangang-kailangan upang matugunan ang pangangailangan ng mga mahihirap nating kababayan na walang kakayahang kumuha ng ibang mapapaglibingan;

**SAPAGKAT,** ang pagpapagawa ng may limandaang (500) nitso para sa matanda at pitumpu't anim (76) sa bata ay sapat upang magamit ng mga namamatay nating kababayan;

**SAPAGKAT,** upang maisakatuparan ang madaliang pagpapatuloy ng konstruksiyon ng nabinbing proyekto at upang magkaroon kaagad ng magagamit na nitso, pinagpasiyahan na pahintulutan ang Punonglungsod, Kgg. Ignacio R. Bunye, na makipagkasundo (negotiate) sa dating kontratista **(AM/FM BUILDERS)** sa pagpapagawa at pagpapatuloy ng dating proyekto sa halaga na itinatakda ng naunang kontrata;

**SAPAGKAT,** ang halaga ng kontrata sa bawat nitso ay umaabot sa Tatlong Libo Dalawang Daan Limampu't Dalawang Piso at Pitong Sentimo (P3,252.07) para sa matanda at Isang Libo Anim na Daan at Tatlumpung Piso (P1,630) para sa bata o kabuuang Isang Milyon Pitong Daan Apa'tnaputsiyam na Libo Siyam na Raan at labinglimang piso (1,749,915.00);

**NGAYON, DAHIL DITO,** pinagpasiyahan ng Sangguniang Panglungsod na bigyan ng kapangyarihan ang Punonglungsod, Kgg. Ignacio R. Bunye, na makipagkasundo (negotiate) sa **AM/FM BUILDERS** sa pagpapatuloy ng konstruksiyon ng Limandaang (500) nitso para sa matanda at pitumpu't anim (76) para sa bata sa halagang (P1,749,915.00).

**PINAGTIBAY** ng Sangguniang Panglungsod ng Muntinlupa ngayong ika-03 ng Marso, 1997 sa ginanap na ika-73 na Regular na Sesyon.

**SUMANG-AYON:**

**KGG. RAFAEL R. ARCIAGA**
Konsehal

**KGG. DANTE S. ALMARIO**
Konsehal

City Hall of Muntinlupa
National Road, Putatan, Muntinlupa City, Philippines

Tel. Nos. 842-27-11 * 842-23-77
Fax No. 8426196

Sangguniang Panglungsod

REPUBLIKA NG PILIPINAS
**PAMAHALAANG LUNGSOD NG MUNTINLUPA**
**KALAKHANG MAYNILA**



**KGG. ALDRIN L. SAN PEDRO**
Konsehal

**KGG. ROMAN E. NIEFES**
Konsehal

**KGG. PATRICIO L. BONCAYAO, JR.**
Konsehal

**KGG. VICENTE Y. CHUA**
Kinatawan ng Sektor
Pangulo
Asosasyon ng mga Punong-Barangay

**KGG. REYNALDO A. ABAS, JR.**
Konsehal

**KGG. ALEJANDRO L. MARTINEZ**
Konsehal

**KGG. RUFINO B. JOAQUIN**
Konsehal

**KGG. ALLAN REY A. CAMILON**
Kinatawan ng Sektor
Pangulo
Pederasyon ng Sangguniang Kabataan

**DI LUMAHOK :**

~~**KGG. MELCHOR R. TEVES**~~
Konsehal

**KGG. JO JASON T. ALCARAZ**
Konsehal

**KGG. VICTOR L. ULANDAY**
Konsehal

**KGG. REY E. BULAY**
Konsehal

**PINATOTOTOHANAN** ko ang katumpakan ng Kapasiyahang Panglungsod na ito.

**NECITO M. GUICO**
Kalihim
**SANGGUNIANG PANGLUNGSOD**

**PINATUTUNAYAN:**

**MGGL. JAIME R. FRESNEDI**
Pangalawang Punonglungsod/Pangulong Opisyal

**PINAGTIBAY:**

**MGGL. IGNACIO R. BUNYE**
Punonglungsod

Petsa:________________

City Hall of Muntinlupa
National Road, Putatan, Muntinlupa City, Philippines

Tel. Nos. 842-27-11 • 842-23-77
Fax No. 8426196